② Pag-isipan ang Paglikas

2-1. Mga Dapat Gawin sa Oras ng Malakas na Ulan

Kapag may malakas na ulan, mangalap ng impormasyon nang kusa at magpasya nang mabilis kung kailan dapat lumikas.

Sistema ng pambayang anunsyo sa sakuna

Ang impormasyon tungkol sa paglikas ay iaanunsyo sa pinakamalakas na volume kasabay ng pagpapatunog ng mga sirena.
Kung may impormasyon sa paglikas, pinaandar ang sirena at inilalabas ang anunsyo sa pinakamalakas na tunog.

Maaaring kumpirmahin ang nilalaman ng anunsyo sa mga sumusunod:

①Telephone service – maaaring makinig sa nilalaman ng anunsyo sa telepono ☎ 055 (298) 4471
②Data broadcast ng NNS (TV channel 11)
③Email newsletter ng Kofu City para sa disaster at crime prevention
④Disaster app ng Lungsod ng Kofu
⑤Disaster portal ng Lungsod ng Kofu

Email

Email newsletter ng Lungsod ng Kofu (disaster/crime prevention)

Ang nilalaman ng sistema ng anunsyo at impormasyon sa paglikas ay ipinapadala rin sa pamamagitan ng email.

Sa pamamagitan ng pagrerehistro ng email address, maaari mong matanggap ang mga impormasyong ito sa email.
Kung babasahin ang QR code sa website sa ibaba, dadalhin ka sa pahina ng pagpapatala

Site para sa pagpaparehistro (PC / smartphone)

Site para sa pagpaparehistro (PC / smartphone)	https://plus.sugumail.com/usr/yc-kofu/home

Pang emergency na abiso sa pamamagitan ng email

Sabay-sabay na ipinapadala ang mga emerhensiyang impormasyon sa mga cellphone ng mga taong nasa loob ng lungsod.
Pakisuri sa manual o sa tindahan kung saan binili ang cellphone kung kaya nitong tumanggap ng emergency alert mail.
Depende sa modelo, maaaring kailangang i-on muna ang setting sa pagtanggap.

Data broadcast sa telebisyon

Maaaring tingnan sa TV ang impormasyon sa paglikas, pagbubukas ng evacuation center, at iba pang impormasyon sa disaster.

【For NNS (channel 11)】

①Pindutin ang "d button" sa remote.
②Piliin ang "Abiso mula sa Prepektura/Yamanashi/Lungsod ng Kofu" at pindutin ang "decide/OK" button.
※Kung pipiliin ang "Impormasyon sa lebel ng tubig sa ilog / babala sa pagguho ng lupa", makikita rin ang impormasyon tungkol sa ilog at pagguho mula sa pambansang pamahalaan at prepektura.
③Piliin ang "Emergency disaster information" o "Email newsletter ng Lungsod ng Kofu (disaster/crime prevention)" at pindutin ang "decide/OK" button.

【Kung NHK】

①Pindutin ang "d button" sa remote.
②Piliin ang "Impormasyon sa disaster at pamumuhay" at pindutin ang "decide/OK" button.
③Piliin ang impormasyon sa paglikas, impormasyon sa pagbubukas ng evacuation center, lebel ng tubig sa ilog, at dami ng ulan, at pindutin ang "decide/OK" button.

Pindutin ang 'd button' (data broadcasting) sa remote control upang makita ang impormasyon sa screen ng telebisyon.



Internet

Disaster app ng Lungsod ng Kofu

Ito ay isang libreng disaster prevention app na maaari mong gamitin sa iyong smartphone o tablet. Sa pamamagitan nito, maaari kang makakuha ng iba't ibang impormasyon tulad ng ulat ng panahon at abiso ng paglikas, maghanap ng pinakamalapit na evacuation center, at gumawa ng iyong sariling "My Timeline" na makatutulong sa oras ng sakuna o emerhensiya.

Paraan ng pagrehistro
Maaari mong i-download ito mula sa Google Play o App Store at gamitin agad.

Google Play で手に入れよう
App Store からダウンロード

■■■■■ Paalala! ■■■■■
Ang pag-install at paggamit ay libre, ngunit ang gastos sa komunikasyon (data usage) ay sagot ng gumagamit.

Disaster Prevention Portal sa Lungsod ng Kofu

Naglalaman ito ng real-time na impormasyon tungkol sa mga abiso ng paglikas at pagbubukas ng evacuation centers na inilalabas ng lungsod ng Kofu.
https://kofu-city.my.salesforce-sites.com/

Website ng Lungsod

Makikita sa opisyal na website ng Kofu City ang impormasyon ukol sa disaster at crime prevention. Sa panahon ng emerhensiya, ang pinakabagong impormasyon ay ipapakita sa home page.
https://www.city.kofu.yamanashi.jp/

Impormasyon sa Antas ng Tubig sa mga Ilog

Maaari mong tingnan ang antas ng tubig at live camera footage ng mga ilog na pinamamahalaan ng Yamanashi Prefecture at ng pambansang pamahalaan.
http://k.river.go.jp

Sistema ng Babala sa Landslide (Prepektura ng Yamanashi)

Makikita rito ang antas ng panganib ng landslide batay sa forecast mula sa meteorological observatory, na ipinapakita sa mga zone na humigit-kumulang 1 kilometro.
https://sabo.pref.yamanashi.jp/Top

Impormasyon sa Brownout (Tokyo Electric Power Grid)

Makikita rito ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga lugar na apektado ng brownout.
http://teideninfo.tepco.co.jp/flash/index-j.html

Sistema ng Kabuuang Impormasyon para sa mga Ilog

Makikita dito ang real-time na impormasyon sa dami ng ulan at antas ng tubig sa loob ng prefecture.
http://www3.pref.yamanashi.jp/yamanashiweb/

"Kikikuru" (Mapa ng Antas ng Panganib)

Ipinapakita ng Japan Meteorological Agency ang antas ng panganib mula sa malakas na ulan gamit ang limang antas ng kulay sa mapa. Para sa detalye, bisitahin ang kanilang website:
https://www.jma.go.jp/bosai/risk/

Mga Uri ng Paglikas

May dalawang uri ng kilos ng paglikas: ang **"paglikas sa labas (horizontal evacuation)"**, kung saan lilipat ka sa itinalagang evacuation center, sa bahay ng kamag-anak o kaibigan, o sa kalapit na ligtas na lugar; at ang **"pananatili sa ligtas na lugar sa loob ng bahay (vertical evacuation)"**, kung saan aakyat ka sa mas mataas na lugar tulad ng ikalawang palapag ng iyong bahay upang makaiwas sa panganib.

Pag-isipan ang lugar ng paglikasan ayon sa sitwasyon.

Paglikas sa labas (Horizontal Evacuation)



Mga itinalagang evacuation center, o bahay ng kamag-anak o kaibigan na may mataas na gusali kahit nasa loob ng lugar na inaasahang babahain.



Mga itinalagang evacuation center, o bahay ng kamag-anak o kaibigan na may mataas na gusali kahit nasa loob ng lugar na inaasahang babahain.

Kung nakatira ka malapit sa ilog, nasa lugar na maaaring malubog sa malalim na tubig, o may panganib na tangayin ang bahay, lumikas agad patungo sa itinalagang evacuation center, sa bahay ng kamag-anak, o sa kalapit na ligtas na lugar. Mainam na gawin ang paglikas bago pa maging mapanganib ang sitwasyon.

Pananatili sa ligtas na lugar sa loob ng bahay (Patayo na Paglikas or Vertical Evacuation)



Sa gabi o sa biglaang malakas na pag-ulan, kapag mahirap tukuyin ang mga mapanganib na lugar sa kahabaan ng ruta ng paglilikas, o kapag hindi ligtas ang paglalakad dahil sa baha, mas mapanganib na lumabas. Sa ganitong mga pagkakataon, gawin ang lahat upang maprotektahan ang iyong buhay: lumikas sa ikalawang palapag o mas mataas pa ng iyong

※Tingnan ang Pahina 11 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga uri ng paglikas.

2-2. Mga Impormasyon at Gabay sa Pagkilos sa Oras ng Malakas na Ulan

Dahil ang mga impormasyon tungkol sa paglikas ay inilalabas batay sa komprehensibong pagpapasya ng munisipalidad, maaaring may mga pagkakataon na hindi agad maglalabas ng utos ang lokal na pamahalaan kahit mayroon nang inilabas na 'impormasyong katumbas ng alert level'.

Antas ng Panganib at Babala	Maliit → Malaki				
Antas ng Babala	Antas ng Babala 1	Antas ng Babala 2	Antas ng Babala 3	Antas ng Babala 4	Antas ng Babala 5
Impormasyon sa Paglikas (TV, PC, mail, phone)			Paglikas ng mga nakatatanda at iba pang nangangailangan ng tulong	Evacuation Order	Agarang pagtiyak ng kaligtasan
Mga aksyon na dapat gawin ng lahat ng mga mamamayan	Maging mas handa sa anumang sakuna ● Alamin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa panahon. ● Kumpirmahin ang lokasyon ng mga itinalagang evacuation center.	Kumpirmahin ang Iyong Plano sa Paglikas ● Bilang paghahanda, gamitin ang mga hazard map upang tiyakin ang iyong sariling mga hakbang sa paglikas.	Paglikas ng mga Matatanda atbp. mula sa mga Mapanganib na Lugar ● Tawagan o sabihan ang mga kapitbahay at lumikas nang may kasama (huwag mag-isa). 	Paglikas ng Lahat mula sa mga Mapanganib na Lugar ● Agad na lumikas patungo sa itinalagang evacuation site. ● Lahat ay dapat nang umalis sa kani-kanilang tirahan (total evacuation). 	Panganib sa Buhay! Siguraduhin Agad ang Kaligtasan! ● Agad na tiyakin ang iyong kaligtasan sa pamamagitan ng pagpunta sa mas mataas na bahagi ng gusali (ika-2 palapag o pataas) at pumili ng silid na pinakamalayo sa gilid ng bundok.
Impormasyon sa Panahon (TV, PC, mail)	Impormasyon para sa Maagang Pag-iingat (Posibilidad ng Antas ng Babala)	Babala sa Malakas na Ulan Babala sa Pagbaha	Babala sa Matinding Ulan, Babala sa Malakas na Pagbaha	Impormasyon sa Babala ng Pagguho ng Lupa	Espesyal na babala sa matinding ulan (Ulan na nangyayari lamang minsan sa ilang dekada)
Kikikuru (Mapa ng Antas ng Panganib) (TV, PC, mail)		Mag-ingat	Babala	Panganib	Nalalapit ang sakuna
Impormasyon sa antas ng tubig sa ilog (TV, PC, mail)		Impormasyon sa paalala ng posibleng pagbaha	Impormasyon sa babala ng pagbaha	Impormasyon sa panganib ng pagbaha	Impormasyon na naganap na ang pagbaha
Kondisyon ng paligid / Palatandaan ng posibilidad ng sakuna		Nagtatambak ng tubig sa buong lupa. 	Nagmumukhang ilog ang mga kalsada. 	Dahil sa lakas ng ulan, nagiging maputi o malabo ang tanawin sa paligid dahil sa mga talsik ng tubig. 	Mataas ang posibilidad ng malawakang sakuna, kaya kinakailangan ng matinding pag-iingat. 
Uri ng Pagbuhos ng Ulan		Dami ng ulan sa loob ng isang oras: Mas mababa 20 - 30 mm	Dami ng ulan sa loob ng isang oras: Mas mababa 30 - 50 mm	Dami ng ulan sa loob ng isang oras: Mas mababa 50 - 80 mm	Impormasyon sa Record-breaking na Malakas na Ulan sa Maikling Panahon Dami ng ulan na 100 mm o higit pa sa loob ng isang oras

〈Siguraduhing lumikas pagdating ng alert level 4!〉

Dahil sa labis na malakas na ulan at hangin, napakataas ng panganib na maganap ang isang malubhang sakuna

Ang talahanayang ito ay gabay lamang. Depende sa sitwasyon ng pag-ulan, maaaring hindi palaging lumabas ang impormasyon sa parehong pagkakasunod tulad ng nasa talaan.

Kolektahin ang iba't ibang impormasyon at magpasya sa sariling paglikas batay sa iyong sitwasyon.

Impormasyon tungkol sa matinding ulan

Ang impormasyon tungkol sa Kapansin-pansing Malakas na Ulan (Significant Torrential Rain) ay nagbibigay-paliwanag gamit ang keyword na **'Linear Precipitation Zone'**, tungkol sa sitwasyon kung saan ang napakatinding ulan ay patuloy na bumubuhos sa iisang lugar dahil sa hanay ng mga ulap-ulan, habang ang panganib ng sakuna ay mabilis na tumataas. Ang ganitong impormasyon ay pampuno sa mga babalang katumbas ng mga antas ng babala at **karaniwang inilalabas kapag umaabot na sa antas 4 o mas mataas ang sitwasyon.**

Kapag inaasahan ng Japan Meteorological Agency ang matinding kondisyon ng panahon na maaaring magdulot ng kalamidad, sila ay nagbibigay ng mga babala sa panahon (weather warnings at advisories) sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, at internet.
Kapag may inilabas na babala o paalala, suriin ang mapa ng antas ng panganib (danger map) upang makita ang kasalukuyang sitwasyon at malaman kung gaano kalapit sa iyong tahanan ang panganib.

Panganib ng Sakuna: Mataas ↑ Mababa

Espesyal na babala	Sitwasyon kung saan ang panganib ng malubhang sakuna ay labis na mataas.
Babala sa Pagguho ng Lupa	Inilalabas ng Japan Meteorological Agency at ng Prepektura ng Yamanashi kapag tumataas ang panganib ng pagguho ng lupa dahil sa malakas na ulan.
Impormasyon sa Rekord na Ulan sa Maikling Panahon	Inilalabas kapag may naobserbahang o na-analisa na napakabagsik na ulan na nangyayari minsan lamang sa loob ng ilang taon (sa Yamanashi, katumbas ng 100 mm ng ulan sa loob ng isang oras).
Babala sa Malakas na Ulan at Baha	Sitwasyon kung saan may posibilidad na mangyari ang malubhang sakuna dahil sa malakas na ulan o baha.
Paunawa sa Malakas na Ulan at Baha	Sitwasyon kung saan may panganib ng sakuna dahil sa malakas na ulan o baha.

KIKIKURU (Mapa ng Antas ng Panganib)

Isang mapa sa website ng KIKIKURU na nagpapakita ng antas ng panganib ng pagguho ng lupa, pagbaha, at pag-apaw ng ilog dulot ng malakas na ulan, na nilalarawan gamit ang mga kulay. Ang kulay ube (purple) ay nagpapahiwatig ng mga lugar na may napakataas na panganib.

[Halimbawa: Bagyong No. 19 (Hagibis) noong Reiwa 1, paligid ng Lungsod ng Kofu]



2-3. Mga Hakbang sa Pagdedesisyon Kung Kailan Lilikas

Suriin sa Hazard Map ang lokasyon ng iyong bahay at tukuyin mula sa diagram sa ibaba kung ano ang tamang aksyon kapag may malakas na ulan.
Ang tamang aksyon ay nag-iiba depende kung ang tinitirhan mo ay bahay na mag-isa (detached house) o gusaling may maraming palapag (apartment/condominium), kung ilang palapag ang iyong tirahan, at kung may panganib ng pagguho ng lupa sa paligid.
Sundin ang mga hakbang sa ibaba upang tingnan ang hazard map, alamin ang naaangkop na kilos sa panahon ng malakas na ulan, at kung maramdaman mo ang panganib, kumilos agad ayon sa iyong sariling pasya upang protektahan ang iyong buhay.

Mga Dapat GawingAksyon (Legend)					
Paglikas sa Ibang Lugar	Bago pa man bumaha ang mga ilog, lumikas nang maaga sa isang ligtas na lugar maliban sa iyong tahanan bilang pag-iingat.	Paglikas sa Mataas na Palapag	Kung hindi na ligtas lumabas, umakyat sa mas mataas na palapag ng gusali.	Manatili sa Bahay	Ang walang ingat na paglipat ay maaaring maging mas mapanganib. Manatiling alerto, mangalap ng impormasyon, at gumawa ng hakbang laban sa pagbaha ayon sa sitwasyon.

Step ① Suriin ang lokasyon ng iyong bahay sa mapa sa pahina 15 hanggang 34, at alamin ang mga nakapaligid na 'Lugar na may panganib na maanod ang bahay' at 'Lugar na inaasahang babahain (maximum depth ng baha).

May panganib ba na maanod ang iyong bahay? Ano ang kulay ng 'lalim ng baha' (sa mapa)?

Lugar na may panganib na maanod ang mga bahay.



Paglikas sa ibang lugar
Dahil sa panganib na mawasak o gumuho ang bahay dahil sa baha, o kaya ay gumuho ang mismong lupa na kinatatayuan nito, lumikas nang maaga sa isang ligtas na lugar.

0.5 m o higit pa

Nakatira sa apartment o gusaling may maraming palapag

Nakatira sa bahay na mag-isa o single-detached house

Mas mababa sa 0.5 m

Manatili sa bahay Ang walang ingat na paglipat ay maaaring maging mas mapanganib. Manatiling alerto, mangalap ng impormasyon, at gumawa ng hakbang laban sa pagbaha ayon sa sitwasyon.

Step ② Alamin ang gabay na aksyon para sa mga single-detached house.

single-detached house

Suriin ang bilang ng palapag ng iyong bahay na mag-isa at ang kulay sa mapa (na nagpapakita ng lalim ng baha) upang malaman ang gabay na aksyon na dapat gawin.

Bilang ng mga Palapag	Inaasahang Lalim ng Baha		
	0.5 hanggang mas mababa sa 3.0m (May panganib na lumubog ang ika-1 palapag)	3.0 hanggang mas mababa sa 5.0m (May panganib na lumubog ang ika-1 palapag)	5.0m o higit pa (May panganib na lumubog hanggang sa ika-3 palapag)
3 palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar
2 palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar
1 palapag	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar

Mga dapat isaalang-alang sa pagpaplano ng paglikas

①Ang hazard map ay ginawa batay sa pinakamalalang posibleng sitwasyon.Magplano para sa paglikas sa pag-aakalang talagang aapaw ang tubig sa mga ilog.
②Ang mga nakasaad dito ay gabay lamang sa mga dapat gawin kapag may malakas na ulan at hindi ito ganap na panuntunan sa lahat ng oras. Kapag naramdaman ninyong nasa panganib na ang inyong buhay, kumilos agad upang iligtas ang inyong sarili.
③Kahit sa mga lugar na walang nakatalagang banta o kulay sa mapa, hindi ito nangangahulugang ligtas na ang lugar na iyon. Kumilos at maghanda para sa anumang hindi inaasahang pangyayari.
④Pangunahing inirerekomenda ang 『Paglikas sa ibang lugar, ngunit para sa mga may kakayahang magsagawa ng 『Vertical Evacuation (Paglikas sa Mataas na Palapag) , maaari rin itong ikonsidera.

Step ② Alamin ang gabay na aksyon para sa mga nakatira sa mga gusaling tirahan (apartment o condominium).

Gusaling Tirahan

Suriin ang kabuuang bilang ng palapag ng inyong gusali, kung saang palapag kayo nakatira, at ang kulay sa mapa (lalim ng baha) upang malaman ang gabay sa mga dapat ninyong gawin.

※Paalala para sa mga nakatira sa apartment/condo: Sa oras ng pangangailangan, maaari kayong magsagawa ng Vertical Evacuation sa mga common area gaya ng hallway o koridor ng mas mataas na palapag. Mas mabuting pag-usapan na ito nang maaga sa inyong mga kapitbahay o asosasyon.

Bilang ng palapag	Palapag na tinitirhan	Inaasahang lalim ng baha: 0.5 hanggang mas mababa sa 3.0m (Panganib na lumubog ang ika-1 palapag)	3.0 hanggang mas mababa sa 5.0m (Panganib na lumubog ang ika-2 palapag)	5.0m o higit pa (Panganib na lumubog ang ika-3 palapag)
Ika-5 palapag pataas	Ika-5 palapag pataas	Manatili sa bahay	Manatili sa bahay	Manatili sa bahay
	Ika-3.4 palapag	Manatili sa bahay	Manatili sa bahay	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag
	Ika-2 palapag	Manatili sa bahay	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag
	Ika-1 palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag
Gusaling may ika-3~4palapag	Ika-3.4 palapag	Manatili sa bahay	Manatili sa bahay	Paglikas sa ibang lugar
	Ika-2 palapag	Manatili sa bahay	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar
	Ika-1 palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar
Gusaling may ika-2palapag	Ika-2 palapag	Manatili sa bahay	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar
	Ika-1 palapag	Paglikas sa ibang lugar / Paglikas sa Mataas na Palapag	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar
Gusaling may ika-1palapag	Ika-1 palapag	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar	Paglikas sa ibang lugar

Step ③ Pag-isipan ang paglikas mula sa landslide

Suriin sa hazard map kung ang inyong bahay ay nasa loob ng Landslide (Special) Alert Zone.

Special Alert Zone para sa Landslide
Alert Zone para sa Landslide



Meron — Ano ang istraktura ng inyong gusali?

- **Yari sa Kahoy** → **Paglikas sa ibang lugar** Dahil sa panganib na mawasak o gumuho ang bahay dahil sa pagguho ng lupa, kinakailangan na maagang lumikas patungo sa isang ligtas na lugar.
- **Reinforced Concrete o matitibay na gusali** → **Paglikas sa ibang lugar** Kahit matibay ang gusali, may posibilidad pa rin na pasukin ito ng rumaragasang putik, kaya kinakailangan na maagang lumikas patungo sa isang ligtas na lugar.
  ※Subalit, kung sakaling huli na para lumikas, lumipat sa loob ng bahay sa isang ligtas na bahagi tulad ng ika-2 palapag o mas mataas, at sa kuwartong pinakamalayo sa direksyon ng bundok.

Wala — **Manatili sa bahay** Ang walang ingat na paglipat ay maaaring maging mas mapanganib. Sa panahon ng malakas na ulan, manatiling alerto sa bahay, magkolekta ng impormasyon, at magbigay ng pansin sa mga babala tungkol sa pagguho ng lupa.

2-4.Mga Uri ng Paglikas

Ang 「Paglikas」 ay hindi lamang nangangahulugan ng pagpunta sa mga evacuation center na itinalaga ng lungsod. Ang ibig sabihin ng "Paglikas" ay ang "pag-iwas" sa "panganib". Mayroong tatlong uri ng aksyon sa ibaba:

Paglikas sa mga Evacuation Center na itinalaga ng Lungsod



Lumikas bitbit ang inyong Emergency Go Bag (mga gamit na kailangan sa oras ng sakuna) at iba pang mahahalagang kagamitan.

Paglikas sa ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala



Pag-usapan at pagplanuhan na nang maaga sa inyong mga kamag-anak o kakilala ang tungkol sa paglikas sa kanilang tahanan sa oras ng sakuna.

Pagtiyak ng kaligtasan sa loob ng gusali



Kailangang suriin ang sumusunod na **"3 Kondisyon"** ※sa Hazard Map upang malaman kung ligtas bang manatili sa loob ng inyong tahanan.

※ Kung natutugon ang "3 mga kondisyon", kahit may panganib ng pagbaha, maaari pa ring manatili sa bahay at magsagawa ng mga hakbang upang mapanatili ang kaligtasan.

❶ Nasa labas ng lugar na may panganib na tangayin ng tubig ang bahay.

Kung nasa loob ito...



Dahil mabilis ang agos ng tubig, maaaring gumuho ang mga bahay na gawa sa kahoy.



Maaaring maubos ang lupa at mabagsak ang buong bahay kasama ang pundasyon nito.

❷ Ang tinitirhan (kuwartong ginagamit) ay mas mataas kaysa inaasahang lalim ng baha



❸ Maaari kayong magtiis hanggang umurong ang tubig, at sapat ang handa ninyo ng tubig, pagkain, at iba pang pangangailangan.



Sa mga lugar na inaasahang tatagal ang pagbaha nang matagal, dahil sa pagkawala ng mga life support systems, maaaring maging mahirap ang buhay sa evacuation.

2-8. Tingnan ang Hazard Map ng Baha (P15–34), suriin kung ang inyong bahay ay nasa lugar na may panganib na tangayin ng tubig ang bahay, o lugar na inaasahang babahain.

2-10. Mangyaring tingnan ang Mapa ng Tagal ng Pagbaha (P47–48).

2-5. Listahan ng Itinalagang Evacuation Centers na Ginagamit Din bilang Emergency Evacuation Sites sa Panahon ng Baha

Itinalagang Evacuation Center	Pasilidad kung saan mapapaglagi ang mga nag-evacuate hanggang sa mawala na ang panganib ng sakuna, o pansamantalang matutuluyan ng mga hindi na makabalik sa kanilang mga tahanan dahil sa sakuna.
Itinalagang Emergency Evacuation Site	Pasilidad o lugar para sa agarang paglikas mula sa panganib ng sakuna.

■Tungkol sa Paggamit ng Itinalagang Evacuation Centers/Emergency Sites

Bubungan: Maaari gamitin ang bubungan | **3F**: Maaari gamitin ang ika-3 palapag pataas | **2F**: Maaari gamitin ang ika-2 palapag pataas

Block	Numero	Pangalan	Address	Mga palapag na maaaring gamitin: Baha	Pagguho ng lupa
Silangang bahagi	1	Higashi Elementary School	Asake 1-chome 14-1	2F	○
	2	Satogaki Elementary School	Zenkoji 2-chome 7-1	2F	○
	3	Higashi Junior High School	Toko-ji 2-chome 8-1	2F	○
	4	Kofu Higashi High Schooli	Sakaori 1-chome 17-1	2F	○
	5	Koun Elementary School	Kawada-machi 65-2	2F	○
	6	Eastern Community Center	Wado-machi 955-1	○	○
	7	Tamamoro Elementary School	Kami-ahara-machi 491	2F	○
	8	Yamanashi Prefectural Local Government Hall	Yomogisawa 1-chome 15-35	2F	○
	9	Zenyukan Elementary School	Asake 1-chome 2-52	2F	○
Kanlurang bahagi	10	Kofu City Hall West Building ※2 (Former Anagiri Elementary School)	Takara 2-chome 8-19	2F	○
	11	Nishi Junior High School	Iida 5-chome 13-1	2F	○
	12	Ishida Elementary School	Kami-ishida 3-chome 6-31	2F	○
	13	Nansei Junior High Schoo	Kami-ishida 4-Chome 10-8	2F	○
	14	Ikeda Elementary School	Chosonji-cho 7-1	2F	○
	15	Kofu Josai High School	Shimo-iida 1-chome 9-1	2F	○
	16	Kofu Nishi High School	Shimo-iida 4-chome 1-1	2F	○
	17	Shinden Elementary School ※1	Shinden-cho 12-28	2F	○
	18	Tomitake Junior High School	Tomitake 4-chome 5-8	2F	○
	19	Kugawa Welfare Center	Tokugyo 3-chome 12-1	2F	○
	20	Kugawa Elementary School	Kugawa Honcho 8-1	2F	○
	21	Western Community Center	Chosonji-machi 12-30	2F	○
Timog na bahagi	22	Yuda Elementary School	Yuda 1-chome 8-1	2F	○
	23	Ise Elementary School	Ise 2-chome 16-1	2F	○
	24	Minami Junior High School	Yuda 2-chome 21-24	2F	○
	25	Kokubo Elementary School	Kokubo 4-chome 1-10	2F	○
	26	Southeastern Community Center	Kokubo 6-chome 4-2	2F	○
	27	Okuni Elementary School	Ushiroya-cho 150	2F	○
	28	Kamijo Junior High School	Furukamijo-machi 95	2F	○
	29	Kofu Commercial High School	Kami-imai-cho 300	2F	○
	30	Kofu Minami High School	Nakakogawara-cho 222	2F	○

Block	Numero	Pangalan	Address	Mga palapag na maaaring gamitin: Baha	Pagguho ng lupa
Timog na bahagi	31	Yamashiro Elementary School	Kami-imai-cho 474-2	2F	○
	32	Gusali ng Pamamahala ng Environmental Center	Kami-cho 601-4	2F	○
	33	Southern Community Center ※2	Shimo-imai-cho 15	Bubungan	○
	34	Osato Elementary School	Osato-cho 3785-2	2F	○
	35	Jonan Junior High School ※2	Osato-cho 2590-1	2F	○
	36	Nakamichi Minami Elementary School	Shimomukoyama-cho 4366	○	○
	37	Nakamichi Kita Elementary School ※2	Kamisone-cho 3368-36	3F	○
	38	Tekinan Junior High School ※2	Shimosone-cho 270	3F	○
	39	Nakamichi Sports Plaza Gymnasium	Shimomukoyama-cho 946	○	○
	40	Kamikuishiki Branch Office	Furuseki-machi 1158	–	○
Hilagang bahagi	41	Kita Junior High School	Daiwa-cho 4-35	2F	○
	42	Kofu Dai-ichi High School	Misaki 2-chome 13-44	○	○
	43	Hokushin Elementary School	Kitashin 1-chome 5-1	○	○
	44	Aikawa Elementary School	Kofuchu-machi 1501	○	○
	45	Hokuto Junior High School	Ote 2-chome 4-18	○	○
	46	Chizuka Elementary School	Chizuka 1-chome 2-16	2F	○
	47	Northern Community Center	Yumura 3-chome 5-20	2F	○
	48	Haguro Elementary School	Haguro-cho 527	○	○
	49	Yamamiya Welfare Center	Yamamiya-cho 383-1	2F	○
	50	Hokusei Junior High School ※1 ※2	Yamamiya-cho 538	2F	○
	51	Chiyoda Elementary School	Shimo-obina-cho 3034-2	○	○
Gitnang bahagi / Sentrong bahagi	52	Maizuru Elementary School	Marunouchi 2-chome 35-5	2F	○
	53	Central Community Center	Marunouchi 3-chome 26-16	2F	○
	54	Fujikawa Yuyukan	Chuo 3-chome 3-1	○	○
	55	Asahi Elementary School ※1	Shiobe 1-chome 4-1	○	○
	56	Kofu Kogyo Technical High School	Shiobe 2-chome 7-1	2F	○
	57	Shinkonya Elementary School	Takeda 1-chome 3-34	○	○
	58	Northeastern Community Center	Takeda 3-chome 1-6	○	○
	59	Kofu City Hall South Building (Former Aioi Elementary School)	Aioi 2-chome 17-1	2F	○
	60	Kofu City Hall South Annex ※2 (Former Local Government Training Center)	Aioi 1-chome 9-7	2F	○

※1 Sa oras ng baha, hindi maaaring gamitin ang South Building ng Shinden Elementary School, ang Gymnasium at East Building ng Asahi Elementary School, at ang North Building at Gymnasium ng Hokusei Junior High School

※2 Sa oras ng sakuna sa tubig (baha), gagamitin ang mga ito bilang mga Designated Emergency Evacuation Site.

Tandaan: Hindi garantisadong magiging ganap na ligtas sa bawat itinalagang bahagi ng gusali. Depende sa aktwal na sitwasyon ng sakuna, bigyan ng pinakamataas na prayoridad ang paglikas patungo sa mga lugar na nasa labas ng Flood Inundation Area (lugar na babahain) at labas ng Landslide Alert Zone.

■ Pansamantalang Evacuation Center

Pangalan	Address
Kissawa Community Center sa Lungsod ng Kai(Temporary Evacuation Site)	233-2 Kissawa, Lungsod ng Kai
Arakawa Dam Memorial Hall	Kawakubo-cho 583

■ Itinalagang Emergency Evacuation Sites sa Panahon ng Baha

Pangalan	Address	Mga Palapag na Maaaring Gamitin: Baha	Pagguho ng lupa
Kofu Shoka Vocational School	Nishi Shimojo-machi 1020	Hagdanan ng 2F・Rooftop /Bubungan	○

2-6. Ang Topograpiya ng Kofu City at mga Panganib na Sakuna

Ang Kofu Basin, na matatagpuan sa pagitan ng mga bundok sa hilaga at timog ng lungsod, ay may maraming ilog na dumadaloy tulad ng Ilog Fuefuki at Ilog Kamanashi. Dahil dito, ang lugar ay nasa ilalim ng mga natural na kondisyon na madaling magkaroon ng baha. Ang mga katangian nito ay ang madalas na pag-apaw ng maliliit at katamtamang laki ng mga ilog o pagbabara ng urban drainage dahil sa biglaan at malakas na ulan. Makikita rin ang pagbaha sa mga matatarik na lugar, mga residential development area, at mga mababababang lugar (lowlands).
Ang diagram sa kanan ay nagpapakita ng topograpiya sa paligid ng Lungsod ng Kofu at ang lawak ng abot ng baha sakaling umapaw ang mga tinukoy na ilog. Gamitin bilang gabay sa paglikas ang "tumakas palayo sa ilog" at "tumakas patungo sa mataas na lugar" sa oras ng baha.



Seksyon ng Mapa	Pahina
1	P 15-16
2	P 17-18
3	P 19-20
4	P 21-22
5	P 23-24
6	P 25-26
7	P 27-28
8	P 29-30
9A、9B	P 31-32
10A、10B	P 33-34



2-7. Paano Magbasa ng Hazard Map

Sa pahina 15 hanggang 34, ipapakita ang Hazard Map sa Baha sa Lungsod ng Kofu gamit ang mga detalyadong mapa.

① Hanapin ang pahina ng iyong lugar

Hanapin ang lugar kung saan ka nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral mula sa block 1 hanggang 10, at buksan ang kaukulang pahina nito.

② Suriin kung may kulay o guhit ang iyong kinaroroonan

Kapag nahanap mo na ang lokasyon ng iyong bahay sa mapa, tingnan kung ito ay may kulay o napapalibutan ng de-kulay na linya.

③ Alamin kung anong uri ng zone ito

Kung ang iyong bahay ay may kulay o guhit, itugma ito sa "Legend" (hanrei) upang malaman kung anong uri ng panganib ang itinalaga sa lugar na iyon.

④ Alamin ang lokasyon ng mga evacuation center

Tiyakin ang lokasyon ng pinakamalapit na "Designated Evacuation Center" (Shitei Hinanjo) at "Temporary Shelter" (Ichiji Hinanjo).

⑤ Pagplanuhan ang ruta ng paglikas

Tingnan sa mapa ang dadaanan mula sa bahay patungo sa evacuation center. Subukang mag-isip ng ruta na umiiwas sa mga lugar na malalim ang baha at sa mga Landslide (Special) Alert Zones.

